

Epekto ng Translanguaging sa Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Elementarya

Jean P. Batan¹, Cherry Mae D. Sabredo², Ronley R. Pangilinan³, Bernalyn H. Susulan⁴, Rosalina T. Del Prado⁵

¹Bachelor of Secondary Education- Major In Filipino, Western Mindanao State University, Philippines

²Bachelor of Secondary Education- Major In Filipino, Western Mindanao State University, Philippines

³Bachelor of Secondary Education- Major In Filipino, Western Mindanao State University, Philippines

⁴Bachelor of Secondary Education- Major In Filipino, Western Mindanao State University, Philippines

⁵Integrated Laboratory School, Western Mindanao State University

ABSTRACT: This study aimed to determine the effect of translanguaging on the reading comprehension of elementary learners. Using a quantitative research design, specifically a descriptive survey, the researchers gathered data from 40 Grade 6 students through a questionnaire adapted from previous studies to assess their perceptions and experiences in using Filipino, English, and their first language to understand texts. Findings revealed that translanguaging positively influences reading comprehension, participation, and motivation, with many learners strongly agreeing that using more than one language helps them understand texts more clearly and engage more actively in reading activities. Some respondents, however, showed uncertainty toward certain statements, possibly due to variations in their experiences and exposure to multilingual instruction. Statistical analyses using the Mann-Whitney and Kruskal-Wallis tests further indicated no significant differences in the effects of translanguaging when grouped according to sex and first language. Overall, the results suggest that translanguaging is an inclusive and beneficial strategy that supports reading development across diverse linguistic backgrounds.

Keywords- Comprehension, Elementary Learners, Multilingualism, Reading, Translanguaging

ABSTRAK: Ang pag-aaral na ito ay naglalayong tukuyin ang epekto ng translanguaging sa pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral sa elementarya gamit ang kuwentitatibong disenyo, partikular ang descriptive survey na nilahukan ng 40 mag-aaral sa ika-anim na baitang, kung saan ginamit ang talatanungang hango sa mga naunang pag-aaral upang masukat ang kanilang pananaw at karanasan sa paggamit ng Filipino, Ingles, at unang wika sa pag-unawa ng teksto; ipinakita ng mga resulta na may positibong epekto ang translanguaging sa pag-unawa, partisipasyon, at motibasyon sa pagbasa, bagama't may ilang mag-aaral na nagpakita ng kawalan ng kasiguraduhan dahil sa pagkakaiba ng kanilang karanasan sa multilingguwal na pagtuturo; at batay sa pagsusuring estadistikal gamit ang Mann-Whitney at Kruskal-Wallis tests, natukoy na walang makabuluhang pagkakaiba sa epekto ng translanguaging ayon sa kasarian at unang wika, na nagpapahiwatig na ang translanguaging ay isang inklusibong estratehiya na nakatutulong sa pag-unlad ng kasanayan sa pagbasa anuman ang lingguwistikong pinagmulan..

I. Introduksyon

Ang wika ay isang sistematikong paraan ng pagpapahayag ng ideya, damdamin, at kultura na ginagamit ng tao upang makipag komunikasyon. Sa Pilipinas, ang Filipino at English ang opisyal na midyum ng pagtuturo sa edukasyon na sumasalamain sa bilingual na istruktura ng sistema ng wika sa bansa. Sa patuloy na pagbabago ng sistema ng edukasyon sa Pilipinas, lumitaw ang translanguaging bilang isang mahalagang estratehiya sa pagtuturo. Ang translanguaging ay isang pedagogical at kognitibong estratehiya na nagpapahintulot sa mga mag-aaral na gumamit ng higit sa isang wika upang mapadali ang pag-unawa at pagkatuto lalo na sa pagbasa (Lewis 2012; Williams 2002).

Ang terminong ito ay unang nakilala sa wikang Welsh bilang "trawsieithu" ni Williams (1994). Ito ay unang tinawag na "translinguifying" sa Ingles at pagkatapos ay isinalin at ipinasikat ni Baker (2001) bilang "translanguaging." Tumutukoy ito sa isang pedagogical na gawain na nagpapalit-palit ng paggamit ng dalawang wika para sa input at output sa parehong aralin (Williams 1996). Ang layunin nito ay kumuha ng impormasyon sa isang wika at gamitin ang impormasyong iyon sa ibang wika. Ayon kay Williams (2002), ang pedagogical na

gawain ng translanguaging ay gumagana sa parehong direksyon at nakatutulong sa pagpapataas ng pag-unawa sa dalawang wika. Ipinaliwanag nina Lewis (2012) na ang translanguaging ay gumagamit ng mas malakas na wika upang paunlarin ang mas mahinang wika, at sa ganitong paraan, ito ay nagpapahiwatig ng malalim na pag-unawa sa kahulugan, na maaaring magresulta sa pinataas na kahusayan sa parehong wika.

Ayon kay Garcia at Lin (2017), ang translanguaging ay hindi lamang simpleng pagpapalit ng wika kundi isang masalimuot na proseso ng paggamit ng lahat ng kakayahang pangwika ng isang indibidwal upang mas mapadali ang pagkatuto. Sa mga bansang may multilingguwal na populasyon, tulad ng Pilipinas, nagiging kapaki-pakinabang ang translanguaging sa pagpapalalim ng pag-unawa sa iba't ibang asignatura bilang tugon sa pangangailangan ng mga mag-aaral na lumaki sa kapaligirang may iba't ibang wikang ginagamit sa tahanan, paaralan, at komunidad.

Upang higit na maunawaan ang epekto ng translanguaging sa pagbasa ng mga mag aaral sa elementarya, mahalagang matukoy ang mga pangunahing baryabol na may kaugnayan dito. Batay sa pag-aaral ni Ocampo (2020), may positibong epekto ang paggamit ng translanguaging sa reading comprehension ng mga estudyanteng ESL o English as a Second Language learners, sapagkat nabibigyan sila ng kakayahang iproseso ang impormasyon sa paraang mas akma sa kanilang lingguwistikong realidad.

Dagdag pa rito, sa pananaliksik ni Amparo (2020) hinggil sa implementasyon ng Mother Tongue-Based Multilingual Education (MTB-MLE) sa Pilipinas, binigyang-diin na ang paggamit ng unang wika sa pagtuturo ay may mahalagang papel sa pag-unlad ng kasanayang pangwika ng mga mag-aaral. Ipinakita sa pag-aaral na mas nauunawaan ng mga mag-aaral ang kanilang binabasa kapag ginagamit ang wikang pinakamalapit sa kanilang karanasan. Ganito ang naging ilustrasyon sa pag-aaral nina Saavedra at Karanain (2022) kung saan isa sa dahilan ng mababang antas ng kahusayan sa Mother Tongue (Chabacano) ay ang kakulangan ng exposure sa wikang ito. Ito ang dahilan ng kahinaan sa komprehensyon ng mga mag-aaral sapagkat hindi sila pamilyar sa tekstong binasa. Kaugnay nito, ang translanguaging ay maaaring maging mahalagang estratehiya sa MTB-MLE, sapagkat pinapayagan nito ang malayang paggamit ng iba't ibang wika upang mapadali ang pag-unawa sa binasa. Sa pamamagitan ng ganitong proseso, nabibigyan ng pagkakataon ang mga mag aaral na gamitin ang kanilang kaalaman sa unang wika habang natututo ng bagong wika, na siyang nagpapalakas sa kanilang kakayahan sa pagbasa. Ipinapakita rin nito na ang paggamit ng multilingguwal na pamamaraan sa edukasyon ay hindi sagabal kundi isang epektibong paraan upang mapahusay ang literacy skills ng mga mag-aaral. Samakatuwid, ang translanguaging ay may mahalagang kontribusyon sa pagpapatibay ng kasanayan sa pagbasa sa isang multilingguwal na konteksto.

Bagaman maraming pag-aaral ang isinagawa tungkol sa translanguaging at ang epekto nito sa pag-unawa sa binasa, karamihan sa mga ito ay nakatuon sa ESL learners o sa paggamit ng Ingles bilang ikalawang wika (Ocampo, 2020; Garcia & Lin, 2017). Sa konteksto ng Pilipinas, may mga pananaliksik na tumatalakay sa estratehiya sa pag-aaral ng talasalitaan, at sinusuri ang translanguaging at reading comprehension, subalit kakaunti ang naglalayong pag-aralan kung paano naka-apekto ang translanguaging sa pagbasa ng mga mag-aaral sa elementarya.

Layunin ng pag-aaral na ito na tukuyin ang epekto ng translanguaging sa pagbasa ng mga mag-aaral sa elementarya. Sa pamamagitan nito, inaasahang makapagbibigay ang pag-aaral ng bagong kaalaman na maaaring makatulong sa pagpapabuti ng pagtuturo ng wika sa Primary Education.

II. Paglalahad ng Suliranin

Ang pag-unawa sa binasa ay isang mahalagang kasanayan sa pagkatuto. Ang pananaliksik na ito ay naglalayong tukuyin ang epekto ng translanguaging sa pagbasa ng mga mag-aaral sa elementarya. Upang makamit ito, sasagutin ng pag-aaral ang sumusunod na mga tanong:

1. Ano-ano ang mga epekto ng paggamit ng translanguaging sa mga mag-aaral ng elementarya?
2. Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba sa Epekto ng Translanguaging sa Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Elementarya batay sa:
 - a. Kasarian
 - b. Unang Wika

III. Kaugnay na Literatura

3.1 Epekto ng Translanguaging

Ang translanguaging ay isang makabagong estratehiya sa edukasyon na nagbibigay-daan sa mga mag-aaral na gamitin ang kanilang iba't ibang wika upang mapadali ang pagkatuto. Sa halip na ituring bilang hadlang, ang pagiging multilingual ng isang mag-aaral ay kinikilala bilang isang proseso ng pagkatuto. Maraming pag-aaral ang sumuri sa epekto nito sa akademikong pagganap, partikular sa konteksto ng multilingual education sa Pilipinas. Ayon sa mga pananaliksik, ang translanguaging ay may positibong epekto sa kakayahan ng mga mag-aaral sa pag-unawa, pagpapahayag ng sarili, at aktibong pakikilahok sa talakayan.

Sa pag-aaral ni Reyla (2022), natuklasan niyang ang translanguaging ay may positibong epekto sa akademikong kasanayan ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng pagsasama ng unang wika (L1) at pangalawang wika (L2), mas madaling naiintindihan ng mga mag-aaral ang mahihirap na konsepto at mas epektibo nilang naipapahayag ang kanilang mga ideya. Halimbawa, sa mga asignaturang nangangailangan ng malalim na pagsusuri gaya ng agham at matematika, mas nauunawaan ng mga mag-aaral ang mahihirap na termino kung ipapaliwanag ito gamit ang kanilang unang wika bago lumipat sa opisyal na wika ng pagtuturo. Ang ganitong estratehiya ay tumutulong sa mga mag-aaral na hindi lamang maunawaan ang kanilang aralin kundi mapalakas din ang kanilang kumpiyansa sa paggamit ng iba't ibang wika.

Dagdag pa rito, iniulat ng Education Week (2023) na ang translanguaging ay may mahalagang papel sa pagbibigay ng suporta sa mga multilingual learners. Ipinapakita sa pagaaral na ito na kapag pinapayagan ang mga mag-aaral na gumamit ng kanilang unang wika kasabay ng Ingles, mas lumalakas ang kanilang kumpiyansa at mas nagiging aktibo sila sa talakayan. Ibig sabihin, hindi lamang napapadali ang pagkatuto kundi naitataguyod din ang positibong pananaw ng mga mag-aaral sa kanilang sariling kakayahan. Halimbawa, sa isang silid-aralan kung saan may mga mag-aaral na gumagamit ng iba't ibang wika, ang pagpapahintulot sa kanila na magpahayag sa wikang mas komportable sila ay nagreresulta sa mas produktibong diskusyon at mas malalim na pagkatuto.

Samantala, binanggit ni Anilkumar Varsat (2025) sa kanilang pananaliksik na ang translanguaging ay isang epektibong estratehiya sa pagpapalakas ng akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Sa kanilang pagaaral, ipinakita na mas nagiging madali para sa mga mag-aaral na makisali sa akademikong diskusyon kung sila ay may kakayahang lumipat-lipat sa kanilang mga wika. Ayon sa kanila, hindi lamang ito nakatutulong sa intelektwal na pag-unlad ng mag-aaral kundi sa pagbuo rin ng kanilang kumpiyansa sa paggamit ng wika. Kaya naman, ganun na lamang ang nabanggit sa pag-aaral ni Saavedra (2016) sa kahalagahan ng paggamit ng iba't ibang estratehiya sa pagpapaunlad ng kakayahang linggwistika. Ito ay hindi lamang nakabubuti sa mga guro kung hindi mas mainam din sa mga mag-aaral. Halimbawa, sa isang talakayan sa asignaturang Araling Panlipunan, maaaring gumamit ang guro ng Filipino upang ipaliwanag ang mahahalagang konsepto bago ito isalin sa Ingles o sa opisyal na wikang panturo. Dahil dito, mas nagiging madali para sa mga mag-aaral na makisabay sa leksyon, anuman ang kanilang antas ng kasanayan sa wika.

Bukod sa pagkatuto ng mga konsepto, ipinapakita rin ng mga pag-aaral na ang translanguaging ay may epekto sa pakikilahok ng mga mag-aaral sa klase. Kapag pinapayagan silang gamitin ang kanilang unang wika, mas nagiging aktibo sila sa pagbabahagi ng kanilang opinyon at mas nagiging bukas sa diskusyon. Hindi ito nangangahulugan na nababawasan ang paggamit ng opisyal na wikang panturo, kundi nagkakaroon lamang ng mas inklusibong espasyo para sa mga mag-aaral upang mas maintindihan at maipahayag ang kanilang kaalaman.

3.2. Translanguaging Bilang Estratehiya

Ang translanguaging ay hindi lamang isang natural na paraan ng komunikasyon para sa mga multilingual na indibidwal kundi isa ring epektibong estratehiya sa pagtuturo ng talasalitaan. Maraming pag-aaral ang nagpapakita kung paano ito maaaring gamitin upang mapalawak ang bokabularyo ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagsasama ng kanilang unang wika (L1) at pangalawang wika (L2). Dahil dito, ang translanguaging ay nagiging isang mahalagang kasangkapan sa edukasyon, lalo na sa mga bansang may multilingguwal na konteksto tulad ng Pilipinas. Gaya ng nabanggit sa pag-aaral ni Saavedra (2020), ang pagiging multilingwal ng Lungsod ng Zamboanga ay isang salik na nahihirapan sa pagsasalita ng Filipino ang mga mag-aaral. Hindi madaling linangin ang kasanayang kung hindi pa lubos na nalinang ang kanilang unang wika.

Ayon kay Tranie Gatil (2021), ang paggamit ng translanguaging sa pagtuturo ng talasalitaan ay nagpapalakas sa kakayahan ng mga mag-aaral na maunawaan at maalala ang bagong salita. Sa kanilang pananaliksik sa mga mag-aaral sa Junior High School, natuklasan nilang mas madaling nakikilala at nagagamit

ng mga mag-aaral ang mga bagong salita kapag iniuugnay ang mga ito sa kanilang unang wika. Halimbawa, kapag ang isang guro ay nagtuturo ng salitang “resilient” sa Ingles, maaaring gamitin ang katumbas nitong salita sa Filipino, gaya ng “matatag,” upang mapadali ang pag-unawa. Sa ganitong paraan, hindi lamang nauunawaan ng mag-aaral ang bagong salita, kundi nagkakaroon din siya ng mas malalim na koneksyon sa kahulugan nito.

Bukod sa pagpapalawak ng bokabularyo, ipinakita rin ng pag-aaral nina Leonet at Cenoz (2019)) na ang translanguaging ay nakatutulong sa pagbuo ng metalinguistic awareness o ang kakayahan ng mag-aaral na pag-isipan at suriin ang estruktura ng wika. Kapag ang mga mag-aaral ay may kakayahang lumipat mula sa isang wika patungo sa isa pa, mas nagiging madali para sa kanila na pag-uugnayin ang kahulugan ng mga salita at pag-aralan ang kanilang paggamit sa iba't ibang konteksto. Sa halip na tingnan ang dalawang wika bilang magkahiwalay na sistema, nagkakaroon sila ng mas holistic na pananaw sa wika. Ipinapakita sa pag-aaral na ito na ang translanguaging ay hindi lamang nakatutulong sa memorization ng mga salita kundi pati na rin sa mas malalim na pagsusuri ng gramatika at sintaks ng dalawang wika.

Dagdag pa rito, natuklasan sa pananaliksik nina Delgado et al. (2023) na ang translanguaging ay may positibong epekto sa pagtuturo ng talasalitaan sa pamamagitan ng code-switching drills, kung saan pinapayagan ang mga mag-aaral na ipaliwanag ang kahulugan ng mga bagong salita gamit ang kanilang unang wika bago ito isalin sa pangalawang wika. Ayon sa kanilang pag-aaral, mas mataas ang retention rate ng mga mag-aaral sa ganitong paraan dahil nakatutulong ito sa kanilang malalim na pag-unawa sa kahulugan ng salita. Sa halip na pilit kabisaduhin ang kahulugan ng mga salita sa L2 nang hindi lubos na nauunawaan, ang pagsasama ng L1 ay nagbibigay ng mas malinaw na konteksto at pinapadali ang proseso ng pagkatuto.

Samakatuwid, makikita na ang translanguaging bilang estratehiya ay hindi lamang isang teknikal na paraan ng pagtuturo ng talasalitaan, kundi isa ring makapangyarihang kasangkapan sa pagpapalakas ng pagkatuto ng wika. Sa pamamagitan ng pagsasama ng unang wika sa proseso ng pag-aaral, nagiging mas epektibo ang pagtuturo ng bagong bokabularyo, mas nadaragdagan ang kakayahan ng mag-aaral sa pagsusuri ng wika, at mas lumalalim ang kanilang pag-unawa sa paggamit ng salita sa iba't ibang konteksto. Ipinapakita ng mga pag-aaral na ito na ang translanguaging ay isang mahalagang estratehiya sa pagtuturo, hindi lamang sa pagbibigay ng kaalaman kundi sa pagpapatibay din ng kakayahan ng mag-aaral na maging mas mahusay sa paggamit ng wika sa akademikong konteksto.

3.3. Pag-unawa sa Pagbasa

Ang pag-unawa sa binasa ay isang mahalagang kasanayan sa literasiya na maaaring mapalakas sa pamamagitan ng translanguaging. Sa pamamagitan ng pagpapahintulot sa mga mag-aaral na gamitin ang kanilang unang wika (L1) habang nagbabasa at nagpapakahulugan ng teksto sa ibang wika (L2), mas nagiging epektibo ang kanilang pang-unawa. Ipinapakita ng maraming pag-aaral na ang ganitong estratehiya ay hindi lamang nagpapataas ng reading comprehension kundi nagtataguyod din ng mas kritikal na pagsusuri ng teksto. Sa multilingguwal na konteksto tulad ng Pilipinas, kung saan ang mga mag-aaral ay madalas na kailangang magbasa ng mga akademikong teksto sa Ingles habang ang kanilang L1 ay Filipino o katutubong wika, ang translanguaging ay maaaring maging isang mahalagang kasangkapan sa edukasyon.^{5r}

Ayon sa pananaliksik nina Aclinen at Olesio (2023), ang translanguaging ay may malaking epekto sa reading comprehension ng mga mag-aaral sa multilingual na kapaligiran. Ang kanilang pag-aaral ay nagpakita na ang mga mag-aaral na pinapayagang gumamit ng kanilang unang wika upang ipaliwanag at suriin ang isang teksto ay nagkakaroon ng mas mataas na comprehension scores kumpara sa mga gumamit lamang ng pangalawang wika. Halimbawa, sa isang eksperimento kung saan ang mga mag-aaral ay nagbasa ng isang maikling kwento sa Ingles, ang mga mag-aaral na ginamit ang Filipino upang ipaliwanag ang mahihirap na bahagi ay mas mahusay sa pagsagot sa comprehension questions. Ipinapakita nito na ang paggamit ng unang wika bilang suporta sa pag-unawa ay hindi nangangahulugang humihina ang kasanayan sa L2, kundi ito ay nagpapalakas ng kakayahang mas maunawaan ang binabasa.

Dagdag pa rito, ipinakita ng pag-aaral nina (Delos Santos., et al (2022) na ang translanguaging ay nagpapadali sa nagpapakahulugan ng mahihirap na konsepto sa pagbasa. Sa kanilang pananaliksik sa mga mag-aaral ng Grade 8, napag-alaman nilang ang paggamit ng translanguaging strategies tulad ng pagsasalin ng mahihirap na salita sa unang wika at paggamit ng talakayang bilingual ay nakatutulong sa pagbuo ng mas malalim na koneksyon sa binabasa. Sa halip na pilit intindihin ang isang mahirap na salita sa Ingles, nagkakaroon ng oportunidad ang mag-aaral na idugtong ito sa isang mas pamilyar na salita sa Filipino, kaya mas nagiging malinaw ang kahulugan nito. Nabanggit naman sa pag-aaral ni Saavedra (2018) na isa sa mga mahusay na estratehiya sa paglinang ng kasanayang pagsasalita at pagsulat ng mga mag-aaral ay ang paggamit

ng teknolohiya. Napatunayang gumagamit ang mga mag-aaral ng pagsasalin upang madali nilang maunawaan ang mga wika sa tulong ng pagsasalin at teknolohiya.

Bukod dito, binigyang-diin nina Aclinen at Olesio (2023) na ang translanguaging ay isang mahalagang kasangkapan sa pagpapalakas ng critical reading skills ng mga mag-aaral. Ang kanilang pananaliksik ay nagpapakita na ang mga mag-aaral na pinapayagang gumamit ng kanilang unang wika sa pagsusuri ng isang teksto ay mas nagiging epektibo sa pagsasagawa ng higher-order thinking skills tulad ng pagsusuri, interpretasyon, at pagbibigay-kritiko sa binasa. Sa pamamagitan ng translanguaging, nagkakaroon sila ng kakayahang magtanong at magbigay ng mas malalim na pagsusuri sa mga tekstong kanilang binabasa, dahil hindi sila limitado sa paggamit lamang ng isang wika. Halimbawa, sa isang diskusyon sa klase tungkol sa isang sanaysay sa Ingles, napansin ng mga mananaliksik na ang mga mag-aaral na gumamit ng Filipino sa kanilang pagsasaliksik at talakayan ay mas mayaman ang mga insight at mas nakapagbibigay ng mas kritikal na pagsusuri sa teksto. Napatunayan din sa pag-aaral nina Sandal, Saavedra, Madrazo & Ramos (2022) na mahalaga ding may motibasyon ang mga mag-aaral upang mas epektibo ang pagkatuto. Ang mga bagay na personal na nais matutuhan ng mga mag-aaral ay nagaganap at mas matagal ang retention kapag ito ay kusang-loob na nais nilang matuklasan.

Sa kabuoan, ipinapakita ng mga pag-aaral na ang translanguaging sa pagbasa ay hindi lamang isang simpleng estratehiya para mapadali ang pag-unawa kundi isang mahalagang kasangkapan para sa mas malalim na literasiya. Ang paggamit ng unang wika bilang suporta sa pag-unawa ay hindi hadlang sa pagiging bihasa sa pangalawang wika, kundi isang tulay upang higit pang mapalakas ang kasanayan sa pagbasa at kritikal na pag-iisip. Dahil dito, mahalagang isaalang-alang ng mga guro at tagapagturo ang paggamit ng translanguaging sa kanilang mga estratehiya sa pagtuturo upang mapalakas ang reading comprehension at critical thinking ng mga mag-aaral sa isang multilingual na konteksto.

IV. Batayang Teoretikal

Ang pananaliksik na ito ay gumamit ng dalawang pangunahing teorya upang suportahan ang pag-aaral nito: ang *Teorya ng Sociolinguistics* ni Weinreich, Labov, at Herzog at ang *teorya ng bilingualism* ni Jim Cummins. Ang mga teoryang ito ay magkaugnay at nabigyan ng mas malawak na pananaw sa proseso ng pagkatuto ng wika, partikular sa konteksto ng translanguaging.

Ang Teorya ng *Sociolinguistics* ni Weinreich, Labov, at Herzog (1968). Ayon sakanila, ang pagiging heterogeneous ng wika ay nagbubuklod sa pagkakaroon ng barayti ng wika. Ito'y katangian ng wika na may anyong lingguwistiko, ma-okupasyonal o masosial. Ang dahilan ng pagkakaiba ng anyo ng wika ay sa lokasyong heograpikal, pandarayuhan, sosyo-ekonomiko, pulitikal at edukasyon na katangian ng isang partikular na lugar na gumagamit ng naturang wika. May tinatawag tayong sosyal o register at akademikong barayti. Halimbawa: Tagalog-Filipino, Ilokano-Filipino, Bikol-Filipino, Filipino-Ingles, atb. Ngunit may pagkakataong magkaiba ang gamit na wika o maaaring magkatulad ng gamit ngunit iba ang pagkakabuo ng mga salita pero iisa lamang ang kahulugan.

Ang teorya ng *bilingualism* ni Jim Cummins (1992) ay tumatalakay sa kakayahang mahusay na gamitin ang dalawang wika. Kabilang dito ang *Separate Underlying Proficiency (SUP)* na nagsasabing magkahiwalay ang mga wika sa utak, at *Common Underlying Proficiency (CUP)* na nagsasabing may iisang pinagsasaluhang pundasyon ang mga ito. Idinagdag din ang *Cognitive Load Hypothesis*, na nagpapaliwanag sa dagdag na pag-iisip na kailangan sa paggamit ng dalawang wika. Ang translanguaging ay direktang kaugnay ng bilingualism dahil ang kakayahang gumamit ng dalawang wika ay nagbibigay-daan sa malaya, malikhain, at epektibong paghahalo ng mga ito. Karaniwang mas mahusay ang mga indibidwal na may mataas na antas ng bilingualism sa translanguaging. Samakatuwid, ang pag-unawa sa mga teorya ng bilingualism ay mahalaga upang mas lubos na maunawaan ang translanguaging at ang mga implikasyon nito.

Sa kabuoan, ang dalawang teoryang ito ay nagbibigay ng isang komprehensibong balangkas para sa pag-unawa sa epekto ng Translanguaging sa pagbasa ng mga mag-aaral sa elementarya. Ang paggamit ng translanguaging ay maaaring magpalakas ng kanilang pagunawa sa wika, magpalawak ng kanilang talasalitaan, at mag-ambag sa kanilang pangkalahatang pag-unlad bilang mga mag-aaral.

V. Metodolohiya

Ang bahaging ito ay naglalaman ng masusing paglalahad ng mga ginamit na pamamaraan, proseso ng pagpili ng mga kalahok, instrumentong ginamit sa pananaliksik, pangangalap ng datos, at mga etikal na

konsiderasyon. Sa pamamagitan ng maingat na pagpili at pagsusuri ng mga pamamaraang ito, instrumento, at kalahok, nagsikap ang mga mananaliksik na gawing mas epektibo at makabuluhan ang kanilang pag-aaral.

5.1 Disenyo ng Pag-aaral

Ang mga mananaliksik ay gumamit ng kuwantitatibong pananaliksik. Layunin nitong tukuyin ang epekto ng translanguaging sa pagbasa ng mga mag-aaral sa elementarya. Ang "Descriptive Survey Research Design" ang napiling gamitin ng mga mananaliksik at gumamit ng talatanungan o survey questionnaire sa paglilikom ng datos. Ang pagpili ng disenyo ng ito ay angkop sa layunin ng pag-aaral ng mga mananaliksik sapagkat mas napabilis ang isinagawang pangangalap ng datos mula sa maraming kalahok at nagbigay ito ng sapat ng impormasyon na saklaw sa kahalagahan ng pag-aaral.

5.2 Paraan ng Pagpili ng mga Kalahok

Ang mga mananaliksik ay gumamit ng Purposive Sampling sa pananaliksik na ito. Ang purposive sampling ay nagbigay pokus sa kalidad ng mga impormasyon mula sa mga mag-aaral na may kaugnayan sa paksa. Ang mga kalahok na pinili ng mga mananaliksik ay mga mag-aaral ng ika-anim na baitang mula sa Pampamahalaang Universidad ng Kanlurang Mindanao. Apatnapung (40) mag-aaral ng ika-anim na baitang para sa taong 2024–2025 ang naging mga kalahok.

Ang mga mananaliksik ay humingi ng pahintulot (parent consent) mula sa mga magulang o tagapag-alaga ng mga kalahok dahil sila ay mga menor de edad. Matapos ito, humingi rin ang mga mananaliksik ng pahintulot mula sa mga kalahok mismo (assent consent) bago mangalap ng mga datos, upang matiyak na ang mga magulang at ang mismong kalahok ay may sapat na kaalaman at pumayag na gamitin ang kanilang impormasyon para sa pananaliksik. Ang mga datos ay naglaman ng mga impormasyon tungkol sa layunin ng pag-aaral, mga uri ng datos na kinakailangan, at mga wastong proseso sa paggamit nito, pati na rin ang mga pamamaraan upang maprotektahan ang kani-kanilang impormasyon. Ipinaabot din ng mga mananaliksik sa mga kalahok na may karapatan silang tumanggi anumang oras.

5.3 Instrumentong Ginamit sa Pag-aaral

Ang talatanungan na ginamit sa pag-aaral na ito ay hango mula sa dalawang pananaliksik. Pag-aaral ni Makgabo Rebecca Ledwaba (2020) na "Translanguaging as a pedagogical strategy to improve the reading comprehension of Grade 4 learners in a Limpopo Primary School" at ang pananaliksik ni Darrel Ocampo (2022) na "Translanguaging and Reading Comprehension of Filipino ESL Intermediate Learners."

Ang talatanungan ay binuo upang masukat ang epekto ng translanguaging sa pagbasa ng mga mag-aaral sa elementarya, maingat na pinili ng mga mananaliksik ang mga tanong na angkop na instrumento para sa kasalukuyang pag-aaral. Nakatuon ito sa pagsusuri kung paano nakatutulong ang paggamit ng iba't ibang wika sa pag-unawa ng mga teksto na binubuo ng labinlima (15) na tanong na pinagsama mula sa dalawang instrumento na hinango ng mga mananaliksik.

5.4. Pagsusuri ng Datos

Ang bahaging ito ng pananaliksik ay naglalarawan ng proseso ng pagkolekta ng impormasyon upang masagot ang mga layunin ng pag-aaral. Dahil ito ay isang kuwantitatibong pananaliksik, ginamit ang survey questionnaire bilang pangunahing instrumento sa pangangalap ng datos.

Upang matukoy ang minimum at maximum na haba ng uri ng five-point Likert Scale, ang range ay kinalkula sa pamamagitan ng $(5 - 1 = 4)$ na pagkatapos ay hinati ang lima (5) bilang ito ang pinakamataas na bilang sa scale $(5 / 4 = 0.80)$. Sumusunod rito, ang unang bilang, ang pinakamababang numero ay idinagdag upang matukoy ang maximum ng cell na ito. Ang haba ng cell ay matutukoy sa pamamagitan ng talahanayan sa ibaba

Gagamitin ng mga mananaliksik ang Five Point-Likert Scale upang sukatin ang pananaw, opinion at antas ng kasunduan o hindi pagsang-ayon ng mga respondente sa isang partikular na pahayag. Nakasaad sa baba ang sukatan ng Five Point-Likert Scale:

Talahanayan 1: Sukatan ng Five Point-Likert Scale

Sukatan	Limit ng Estadistika	Katumbas na Paliwanag	Simbolo
5	4.21 - 5.00	Lubos na Sumasang-ayon	LnSa
4	3.41 - 4.20	Sumasang-ayon	Sa

3	2.61- 3.40	Hindi Sigurado	Hs
2	1.81- 2.60	Hindi Sumasang-ayon	HSa
1	1.0- 1.80	Lubos na Hindi Sumasang-ayon	LnHSa

VI. Konsiderasyong Etikal

Upang matiyak ang etikal na pagsasagawa ng pananaliksik na ito, mahigpit na susundin ang mga itinakdang prinsipyo. Sisiguraduhin na ang lahat ng impormasyong makakalap ay mananatiling kumpidensyal at gagamitin lamang para sa mga layuning pang-akademiko. Ang lahat ng kalahok ay makatatanggap ng isang opisyal na liham ng pahintulot na naglalahad na ang kanilang pakikilahok ay boluntaryo at naipaliwanag nang malinaw ang layunin ng pagaaral. Bukod dito, titiyakin na ang integridad ng pananaliksik ay mapananatili sa pamamagitan ng hindi pagbago, pagmamanipla, o pandaraya sa anumang datos.

Ang lahat ng datos na makakalap ng mga mananaliksik mula sa mga kalahok na mag-aaral sa ikaanim na baitang ng Pampamahalaang Pamantasan ng Kanlurang Mindanao, tulad ng pangalan at kasarian, ay gagamitin lamang para sa layunin ng pag-aaral. Ang mga impormasyong ito ay ligtas na itatago at isasailalim sa wastong mga pamamaraan ng proteksyon upang mapanatili ang kanilang kaligtasan at integridad. Titiyak ng mga mananaliksik na ang lahat ng datos ng mga kalahok ay mahigpit na poprotektahan alinsunod sa Data Privacy Act of 2012, na naglalayong pangalagaan ang karapatan sa privacy at komunikasyon ng bawat indibidwal. Matapos ang pag-aaral, ang lahat ng nakalap na datos ay ligtas na tatanggalin alinsunod sa itinakdang batas at pamantayan sa wastong pagtatapon ng datos. Sa pamamagitan nito, sinisiguro ng mga mananaliksik ang pagsunod sa Data Privacy Act of 2012 at ang proteksyon ng mga kalahok.

Ang mga mananaliksik ay nagpapahayag na walang umiiral na conflict of interest kaugnay ng pananaliksik na ito. Walang anumang pinansyal, personal, o propesyonal na ugnayan ang mga mananaliksik na maaaring makaapekto sa direksyon, proseso, at resulta ng pananaliksik na ito. Taos-puso naming ipinapahayag na ang pag-aaral ay isinagawa nang may integridad at walang kinikilingan.

Sa kabuoan, ang mga mananaliksik ay magsasagawa ng isang masusing proseso ng paghingi ng pahintulot na kung saan ay titiyakin na lubusang mauunawaan ng mga kalahok ang layunin ng pag-aaral, ang pananaliksik na isinasagawa, pati na rin ang posibleng mga panganib. Ang mga consent ay ihaharap na kung saan ay madali itong maunawaan, at ang mga datos naman ay mananatiling kumpidensyal sa pamamaraan ng pagtatanggal ng mga personal na impormasyon. Bukod pa rito, ang mga mananaliksik ay susunod sa mga pamantayang etikal at walang tatanggapin na anumang pondo mula sa naumang institusyon na may kinalaman sa pagsasagawa ng pananaliksik na ito.

VII. Resulta at Diskusyon

Ang bahaging ito ay naglalaman ng paglalahad, pagsusuri, at interpretasyon ng mga nakalap na datos upang masagot ang mga katanungan sa pag-aaral. Ang mga datos na may kalikasan o katangiang estadistikal ay ipapakita sa mga talahanayan at sa anyong tekstuwal, at ang pagtalakay ay susundan ang pagkakasunod-sunod ng mga itinakdang suliranin. Ang mga susunod ay ang mga resulta na siyang sasagot sa bawat layunin ng pag-aaral:

Talahanayan 2. Mga epekto ng paggamit ng translanguaging sa mga mag-aaral ng elementarya

Statement	Mode	SD	Descriptor
1. Nasisiyahan akong magbasa ng parehong teksto sa Filipino at Ingles.	4.00	0.74	Hindi Sumasang-ayon
2. Komportable akong matuto ng bagong wika mula sa binasa kung pinapayagan akong gumamit ng iba't ibang wika.	5.00	0.84	Lubos na Sumasang-ayon
3. Mayroon akong confident na makipagugnayan sa ibang mag-aaral at sa aking guro gamit ang Filipino at Ingles (translanguaging) habang nagbabasa.	4.00	1.01	Hindi Sumasang-ayon
4. Aktibo akong nakikilahok sa mga drill sa pagbasa kapag binibigay ng guro ang mga tanong sa mother tongue at pagkatapos ay isasalin ito sa Ingles	5.00	0.89	Lubos na Sumasang-ayon
5. Mas nauunawaan ko ang mga tanong mula sa binasa	5.00	0.85	Lubos na

kapag ang mga mahihirap na salita sa mga passage na nasa Ingles at Filipino ay maayos na ipinaliwanag sa parehong wika			Sumasang-ayon
6. Kung ang lahat ng assessment ay isasagawa sa parehong Ingles at Filipino, sa tingin ko ay mas magiging maganda ang aking performance at makakakuha ako ng mas mataas na marka	3.00	0.96	Hindi Sigurado
7. Nasisiyahan akong talakayin ang mga talata sa mother tongue at Ingles kasama ang aking mga kaklase habang nagbabasa.	3.00	1.11	Hindi Sigurado
8. Mas natututo ako kung ang aking guro ay nagpapaliwanag ng mahihirap na konsepto sa parehong Filipino at English.	4.00	1.01	Hindi Sumasang-ayon
9. Gusto ko na ang lahat ng guro sa Grade 6 ay pahintulutan ang paggamit ng Filipino at Ingles sa pagbasa.	5.00	1.10	Lubos na Sumasang-ayon
10. Kapag ginamit ko ang Filipino at Ingles upang maunawaan ang mga binasang talata, mas naging malinaw ito sa akin.	4.00	0.93	Hindi Sumasang-ayon
11. Nararamdaman ko ang labis na motibasyon kapag pwede ang paggamit ng Ingles at Filipino sa pagtuturo at pagkatuto upang talakayin ang mga talatang aming binasa.	5.00	1.10	Lubos na Sumasang-ayon
12. Ang pagbasa sa Ingles at Filipino ay nagpapalakas ng aking interes na magbasa pa.	5.00	0.91	Lubos na Sumasang-ayon
13. Natutulungan ako ng translanguaging sa pagbasa at pag-unawa ng mga tekstong akademiko.	4.00	0.86	Hindi Sumasang-ayon
14. Pinapalakas ng guro ang aming kasanayan at kumpiyansa sa pamamagitan ng pagsasalita sa katutubong wika at isalin ito sa Ingles sa oras ng pagbabasa.	5.00	0.94	Lubos na Sumasang-ayon
15. Kaya kong gamitin ang Mother tongue upang ibuod ang kwentong binasa dahil ang mga mahihirap na salita ay ipinaliwanag gamit ang translanguaging.	3.00	1.29	Hindi Sigurado

Batay sa Talahanayan 2, magkakaiba ang mga epekto ng paggamit ng translanguaging sa mgamag-aaral. May mga mag-aaral na lubos na sumasang-ayon sa positibong epekto nito sa kanilang pag-aaral, samantalang mayroon ding hindi sumasang-ayon o hindi sigurado. Sa mga bilang (2,4,5,9,11,12,14) ipinapakita sa datos na ang mga mag-aaral ay Lubos na sumasang-ayon. Habang sa mga bilang (6,7, at 15) ipinapakita sa datos na ang mga mag-aaral ay Hindi Sigurado. Habang sa mga bilang (1,3,8,10 at 13) ipinapakita sa datos na ang mga mag-aaral ay Hindi sumasang-ayon. Ang mga pahayag na may mataas na mode (5.00) at lubos na sumasang-ayon ay nagpapakita ng positibong epekto ng translanguaging sa pag-unawa, pakikilahok, at motibasyon ng mga mag-aaral. Samantala, ang mga pahayag na may mababang mode (3.00 o 4.00) ay nagmumungkahi ng iba't ibang antas ng pagsang-ayon o kawalan ng katiyakan sa epekto ng translanguaging. Kailangan ng karagdagang pagsusuri upang matukoy ang mga dahilan sa likod ng magkakaibang tugon ng mga mag-aaral.

Ipinakita na ang translanguaging ay may magkakaibang epekto sa mga mag-aaral, kung saan ang ilan ay nagpapakita ng matinding pagsang-ayon hinggil sa positibong epekto nito sa pag-aaral, habang ang iba ay nananatiling hindi sigurado. Ipinahihiwatig ng mga pag-aaral na ang translanguaging ay maaaring mapahusay ang pang-unawa, pakikilahok, at motibasyon sa mga mag-aaral, lalo na kapag isinasama ng mga guro ang katutubong wika ng mga mag-aaral kasama ang wika ng pagtuturo.

Sumasang-ayon ang resulta ng kasalukuyang pag-aaral nina (Krisanti, 2022)(Chaika, 2023), na pinahusay na pang-unawa. Iniulat ng mga mag-aaral ang pagpapabuti sa komprehensyon kapag pinapayagan silang gamitin

ang kanilang mga katutubong wika, na nagpapapadali sa pag-access sa mga kumplikadong ideya. Samantala, ayon parin sakanilang pag-aaral, ang ilang mga mag-aaral ay nagpapahayag ng kawalan ng katiyakan tungkol sa bisa ng translanguaging, marahil dahil sa magkakaibang pinagmulang pang-edukasyon o mga patakaran sa wika. Ang mga hamon tulad ng standardized testing at kakayahan sa wika ng mga guro ay maaaring makahadlang sa epektibong paggamit ng translanguaging sa mga silid-aralan.

Sa pag-aaral naman nina (Gu et al., 2024)(Oosting, 2024), ayon sakanila malaki ang epekto ng Translanguaging sa mga mag-aaral dahil ito ay nagdaragdag ng motibasyon. Ipinakikita ng mga pag-aaral na ang translanguaging ay nagtataguyod ng mas malaking pakikilahok at motibasyon, na humahantong sa mas mahusay na akademikong pagganap at pagkatuto ng nilalaman. At ayon din sa pag-aaral nina (Begum et al., 2024)(Oosting, 2024), Sa pamamagitan ng paggamit ng magkakaibang repertuwar ng wika, tinatangkilik ng translanguaging ang intercultural citizenship at paggalang sa multilingual na mga identidad. Habang maraming mag-aaral ang nakikinabang sa translanguaging, ang magkahalong tugon ay nagbibigay-diin sa pangangailangan para sa karagdagang pagsisiyasat sa mga pinagbabatayan ng mga pagkakaibang ito, lalo na may kaugnayan sa mga kontekstong pang-edukasyon at mga indibidwal na karanasan.

Talahanayan 3. Makabuluhang Pagkakaiba sa Epekto ng Translanguaging sa Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Elementarya batay sa Kasarian

Variable	U	df	P-value	Interpretation
Epekto ng Translanguaging sa Pagbasa	167	2	0.37	Not Significant

Ipinapakita ng talahanayan na walang makabuluhang pagkakaiba sa Epekto ng Translanguaging sa Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Elementarya batay sa kasarian. Ipinakita ng pagsusuring Mann Whitney na walang estadistikang makabuluhang pagkakaiba sa Epekto ng Translanguaging sa Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Elementarya batay sa unang wika ($P = 0.371$, $\alpha = 0.05$). Nangangahulugan ito na tinatanggap ang null hypothesis, na nagpapahiwatig na ang mga mag-aaral mula sa iba't ibang kasarian ay may magkatulad na pananaw sa Epekto ng Translanguaging sa Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Elementarya.

Iminungkahi ng mga pag-aaral nina (Yassin et al., n.d. 2024), na ang kasarian ay walang makabuluhang epekto sa tagumpay sa pag-aaral ng Ingles sa mga bilinggwal na setting ng edukasyon, na nagpapahiwatig na parehong nakikinabang ang mga lalaki at babae mula sa mga kasanayan sa translanguaging.

Iminungkahi naman ng isang pag-aaral nina Salehi, M., Lari, Z., & Rezanejad, A. (2014), na inilathala sa Education Journal ang mga epekto ng kasarian at genre sa pag-unawa sa binasa sa mga mag-aaral na nasa intermediate level ng English as a Foreign Language (EFL). Gamit ang ANOVA statistical analysis, natuklasan ng mga mananaliksik na bagama't mayroong ilang pagkakaiba sa performance sa pagitan ng mga lalaki at babae sa mga partikular na genre, sa pangkalahatan, ang kasarian ay walang makabuluhang epekto sa pag-unawa sa binasa. Iminumungkahi nito na, anuman ang kasarian, ang mga mag-aaral ay nagpakita ng magkatulad na performance sa mga gawain sa pagbabasa, lalo na kung ang mga pamilyar na genre ang ginamit.

Sa artikulong pinamagatang "Multilingualism and Translanguaging: The Impact on Elementary Learners' Reading Skills in the ESL Classroom" naman nina Lee Rou Yan at Azlina Binti Abdul Aziz, na inilathala noong 2024 naman, isang quasi-experimental na pag-aaral na may 172 mag-aaral sa Grade 6 ang nagsiyasat kung paano nakakaapekto ang translanguaging sa mga kasanayan sa pagbasa sa mga silid-aralan ng ESL. Nalaman ng pag-aaral na may mga makabuluhang pagpapabuti sa mga kasanayan sa pagbasa para sa mga mag-aaral na gumagamit ng translanguaging kumpara sa isang control group. Gayunpaman, ang pag-aaral ay hindi naguulat ng anumang pagkakaiba sa mga resulta batay sa kasarian, na naaayon sa iyong tala na ang mga pagkakaiba sa kasarian ay hindi binigyang-diin.

Talahanayan 4. Makabuluhang Pagkakaiba sa Epekto ng Translanguaging sa Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Elementarya batay sa Unang Wika

Variable	X ²	df	P-value	Interpretation
Epekto ng Translanguaging sa Pagbasa	2.40	3	0.494	Not Significant

Ipinapakita ng talahanayan na walang makabuluhang pagkakaiba sa Epekto ng Translanguaging sa Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Elementarya batay sa unang wika. Ipinakita ng pagsusuring Kruskal-Wallis na walang estadistikang makabuluhang pagkakaiba sa Epekto ng Translanguaging sa Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Elementarya batay sa unang wika ($P = 0.494$, $\alpha = 0.05$). Ibig sabihin nito ay tinatanggap natin ang null hypothesis, na nagpapahiwatig na ang mga mag-aaral mula sa iba't ibang kasarian ay may magkatulad na pananaw hinggil sa Epekto ng Translanguaging sa Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Elementarya.

Ang natuklasan sa pag-aaral na ito ay sinusupportahan ng pananaliksik nina Qureshi at Aljanadbah (2021) na nagpapakita na bagamat may epekto ang translanguaging sa pag-unawa sa binasa, ang unang wika ng mga mag-aaral ay hindi laging nagdudulot ng estadistikang makabuluhang pagkakaiba sa kanilang pananaw. Isinagawa nila ito sa mga mag-aaral na nagsasalita ng wikang Arabic kung saan ginamit nila ang kanilang unang wika (L1) kasabay ng Ingles sa mga gawaing pagbasa. Natuklasan nila na ang pagbibigay ng pagkakataong gamitin ang unang wika (halimbawa, pagbibigay ng paliwanag sa mahahalagang termino, paggawa ng buod, at pagtalakay gamit ang L1) ay nakatulong sa pag-unawa. Gayunpaman, ang mismong paggamit ng unang wika ay hindi naging pangunahing salik na nagdulot ng makabuluhang pagkakaiba sa mga marka ng pag-unawa o saloobin ng mga kalahok. Pinagtitibay nito ang ideya na ang translanguaging ay isang inklusibong estratehiya na maaaring epektibo sa iba't ibang grupo ng wika.

Isang kaso ang inilathala sa English Language Teaching journal na nagsasaad na ang translanguaging ay walang makabuluhang epekto sa kakayahan o performance ng mga mag-aaral sa wika. Naobserbahan lamang ng pag-aaral ang isang maliit na pag-unlad (0.3 puntos o 6%) sa mga resulta ng pagsusulit matapos ipatupad ang mga estratehiya ng translanguaging. Iminungkahi ng mga may-akda na ang limitadong tagal ng interbensyon at ang paunang medium-to-low na antas ng kakayahan ng mga mag-aaral ay maaaring naging dahilan ng kawalan ng makabuluhang pag-unlad sa wika. Binanggit din nila ang isa pang pag-aaral (Taqi et al., 2014), na katulad din na hindi nakakita ng makabuluhang pag-unlad sa mga kakayahan sa wika pagkatapos ng apat na taon na pagkakalantad sa mga estratehiya ng translanguaging, na nagpapahiwatig na ang L1 background ay hindi naging isang mapagpasyang papel sa mga resulta sa pagbabasa.

Sa isang pag-aaral naman na inilathala sa Journal of Natural Language and Linguistics ni Ocampo. D (2023), na nakatuon sa mga intermediate na mag-aaral ng Filipino ESL, ipinakita ng statistical analysis na walang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng kakayahang makuha ang pangunahing ideya sa pagbabasa at ang salik ng paglipat ng wika ($r = 0.015$, $p = 0.744$). Ibig sabihin, para sa mga mag-aaral na ito, ang translanguaging ay hindi gaanong nakaapekto sa kanilang pag-unawa sa binasa ayon sa pagsukat ng kanilang kakayahang kunin ang mga pangunahing ideya, anuman ang kanilang unang wika.

Ipinapakita ng pananaliksik na ang translanguaging ay hindi laging nagdudulot ng makabuluhang epekto sa pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral batay sa kanilang unang wika. Bagama't may mga benepisyonang kognitibo at afektibo, hindi palaging makabuluhan ang direktang epekto nito sa performance sa pagbasa ayon sa ilang empirical studies. Iminungkahi nito na ang mga salik tulad ng tagal ng interbensyon, paunang kakayahan sa wika, at konteksto ng pagtuturo ay maaaring mas may impluwensya sa resulta ng pagbasa kaysa sa unang wika lamang. Ipinapakita rin ng mga gawi ng translanguaging sa multilinggwal na silid-aralan na ginagamit ng mga mag-aaral ang kanilang kabuoang kakayahang lingguwistikong, na sumusuporta sa pag-unawa at metalingguwistikong kamalayan nang walang makabuluhang pagkakaiba batay sa unang wika, na nagpapahiwatig na ito ay kapaki-pakinabang sa lahat ng mag-aaral anuman ang kanilang lingguwistikong pinagmulan.

VIII. Konklusyon

Batay sa nakalap na datos, lumilitaw na ang paggamit ng translanguaging ay may positibong epekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa elementarya sa aspekto ng pagbasa. Naitala ang mataas na mode (5.00) sa mga pahayag hinggil sa aktibong partisipasyon, mas malinaw na pag-unawa, at mas mataas na motibasyon sa paggamit ng Filipino at Ingles nang salitan. Ipinahihiwatig nito na ang paggamit ng sariling wika ay nakatutulong sa mas epektibong pagkatuto at pagpapataas ng kumpiyansa ng mga mag-aaral. Samantala, ipinakita ng resulta ng Kruskal-Wallis at Mann-Whitney tests na walang makabuluhang pagkakaiba sa epekto ng translanguaging batay sa kasarian at unang wika, na nagpapahiwatig na pantay ang benepisyo nito sa lahat ng mag-aaral. Sa kabuuan, ang translanguaging ay maaaring ituring na isang mabisang estratehiyang pedagogikal sa pagtuturo ng pagbasa sa elementarya.

IX. Rekomendasyon

Batay sa kinalabasan ng isinagawang pag-aaral tungkol sa epekto ng translanguaging sa pagbasa ng mga mag-aaral sa elementarya, iminumungkahi ng mga mananaliksik ang mga sumusunod na hakbang upang higit pang mapaunlad ang pag-unawa sa pagbasa sa konteksto ng isang multilingguwal na silid-aralan:

1. Hikayatin ang mga guro na isama ang translanguaging sa pagtuturo ng pagbasa upang matulungan ang mga mag-aaral na mas madaling maka-unawa ng teksto gamit ang wikang mas komportable sila;
2. Magsagawa ng mga seminar o workshop para sa mga guro upang mapalalim ang kanilang kaalaman at kasanayan sa paggamit ng translanguaging bilang estratehiya sa pagtuturo, at;
3. Gumamit ng mga babasahing materyal na tumutugon sa linguistic diversity ng mga mag-aaral, gaya ng mga tekstong may halong Filipino, Ingles, at katutubong wika, upang mapalawak ang kanilang bokabularyo at mapalalim ang kanilang pag-unawa sa binabasa.

Sanggunian

- [1] G. Lewis, B. Jones, and C. Baker, *Translanguaging: Developing its conceptualisation*. *Educational Research and Evaluation: An International Journal on Theory and Practice*, 18(7): 655-670. <https://www.tandfonline.com/doi/abs/10.1080/13803611.2012.718488>
- [2] C. Williams, *Arfarniad o Ddulliau Dysgu ac Addysgu yng Nghyd-destun Addysg Uwchradd Ddwieithog. An evaluation of teaching and learning methods in the context of bilingual secondary education*. Unpublished doctoral thesis, University of Wales, Bangor.
- [3] C. Baker, *Foundations of bilingual education and bilingualism*, 3rd edition. Clevedon, UK: Multilingual Matters. <https://criancabilingue.wordpress.com/wp-content/uploads/2013/09/colin-baker-foundations-of-bilingual-education-and-bilingualism-bilingual-education-and-bilingualism-27-2001.pdf>
- [4] C. Williams, *Secondary education: Teaching in the bilingual situation*. In Williams, G. Lewis, & C. Baker (Eds.), *The language policy: Taking stock*. 39-78. Llangefni. UK: CAI.
- [5] C. Williams, *Extending bilingualism in the education system*. Education and Lifelong Learning Committee. <http://www.assmbly.org/3c91c7af00023d820000590000000000.pdf>
- [6] G. Lewis, B. Jones, C. Baker, *Translanguaging: Origins and development from school to street and beyond*, *Educational Research and Evaluation: An International Journal on Theory and Practice*, 18(7), 641-654. https://link.springer.com/rwe/10.1007/978-3-319-02258-1_7.
- [7] O. García, and A. M. Y. Lin, *Translanguaging in bilingual education*. In O. García, A. M. Y. Lin, & S. May (Eds.), *Bilingual and multilingual education* (pp. 117-130). Springer. <https://ofeliagarciaidotorg.wordpress.com/wp-content/uploads/2011/02/translanguaging-in-bilingual-education.pdf>
- [8] D. Ocampo, *Translanguaging and reading comprehension of Filipino ESL intermediate learners*. Volume 1 Issue 1. <https://doi.org/10.54536/jnll.v1i1.1510>
- [9] E. Amparo, *Paglalata ng karanasan ng mga guro sa implementasyon ng Mother Tongue-Based Multilingual Education (MTB-MLE)*. *Malay*, 32(2), 1-20. <https://doi.org/10.59588/2243-7851.1092>
- [10] AD Saavedra, FA Karanain (2022), *learners' beliefs and use of chavacano as medium of instruction*. *Journal of Language and Linguistics* 10 (1), 40-46
- [11] S. Reyla, *The impact of translanguaging on academic performance of multilingual students*. *Cosmos Multidisciplinary Research Journal*. (Vol 11, No. 1.) <https://cosmosjournals.com/wp-content/uploads/2022/07/CAHE-111-JJ22-June-S.-Reyla.pdf>
- [12] I. Najarro, *What is Translanguaging and How Is it Used in the Classroom?* *Education Week*. <https://www.edweek.org/teaching-learning/what-is-translanguaging-and-how-is-it-used-in-the-classroom/2023/07>
- [13] A. K. Varsat, *The Impact of Translanguaging on English Language Learners' Cognitive and Social Development*. *International Journal of Multidisciplinary Research and Publications (IJMRAP)*. (Vol 7, Issue 8.) 29-31. <https://ijmrmap.com/wp-content/uploads/2025/01/IJMRAP-V7N8P16Y25.pdf>
- [14] A. Saavedra (2016), *Varied Strategies In Improving The Linguistic Competence Of Selected Elementary Teachers: An Action Research*. *Elementary Education Online* 15 (Issue 2), pp. 723-727
- [15] AD Saavedra (2020), *An exploration on the expressive skills among elementary-grade learners: A bedrock for the development of computer-assisted teaching strategies*. *Turkish Journal of Computer and Mathematics Education*, 2343-2357
- [16] T. Gatil, *Translanguaging in multilingual English language teaching in the Philippines: A systematic literature review*. DOI:10.32996/ijllt.2021.4.1.6
- [17] O. Leonet, J. Cenoz, *Translanguaging as a pedagogical practice: arising students' metalinguistic awareness*. https://www.researchgate.net/publication/337324158_Translanguaging_as_a_pedagogical_practice_arising_students'_metalinguistic_awareness
- [18] K. Paudel, *Role of Translanguaging in Second Language Education*. *English Language Teaching Perspectives* 9(1-2):131-138. DOI:10.3126/eltp.v9i1-2.68727
- [19] L. S. Delos Santos et al., *Mga salik na nakaaapekto sa antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Junior High School*. (Vol. 8, Issue 3.) 130-140. <https://www.ajhssr.com/wp-content/uploads/2024/03/N24803130140.pdf>
- [20] AD Saavedra (2018), *Technology engagement and writing skill: an analysis among elementary-grade filipino learners*.
- [21] Z. M. Aclinen, and M. Olesio, *Antas ng kasanayan sa pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Grade 8*. *Cognizance Journal of Multilingual Studies*. (Vol.3, Issue.12, pg. 319-345) <https://cognizancejournal.com/vol3issue12/V3I1228.pdf>
- [22] O Sandal, A Saavedra, C Madrazo, MSY Ramos (2022), *Gender and Socio-economic Status: Revisiting its role on the English language Learning Motivation among Secondary Language-Specialized Students*. *Journal of Positive School Psychology* 6 (04), 2689 – 2704

- [23] U. Weinreich, W. Labov, and M. Herzog(1968), *Sociolinguistics Theory*. <https://www.coursehero.com/file/89139878/TEORYANG-VARIATIONISTpdf/>
- [24] J. Cummins (1992), *Bilingualism theory*, "(PDF) Bilingualism and Second Language Learning" https://www.researchgate.net/publication/231943781_Bilingualism_and_Second_Language_Learning
- [25] Ledwaba, M. R. (2020). *Translanguaging as a pedagogical strategy to improve the reading comprehension of Grade 4 learners in a Limpopo primary school*. *International Journal of Educational Research*, 10(2), 50–62. <https://repository.up.ac.za/server/api/core/bitstreams/e23aad5b-4fa6-4016-aa20-d91364eec00c/content>
- [26] O. Chaika, *Translanguaging in multilingual classrooms: a case study analysis*. *Philological Review*. https://www.researchgate.net/publication/371589738_Translanguaging_in_multilingual_classrooms_a_case_study_analysis
- [27] K. Ng'andu et al., *The Contribution of Behaviorism Theory to Education*. *Zambia Journal of Education*, 4(1), 58-74. <https://www.studocu.com/en-za/document/varsity-college/psychology-1a/article-2/100328895>
- [28] Gu, X., & Oosting, R. (2020). *Teacher translanguaging instruction in English Medium Instruction (EMI)*. *Journal of Multilingual Education Research*, 6(1), 34–45.
- [29] Yassin, H., et al. (2019). *Translanguaging as an ESL learning strategy*. *International Journal of Language Studies*, 13(3), 101–115.
- [30] M. Salehi, Z. Lari, and A. Rezanejad, *The Effects of Gender and Genre on Language Learners' Reading Comprehension Ability*. *Education Journal*, 3(5), 266-271. DOI:10.11648/j.edu.20140305.12
- [31] L. R. Yan, and A. B. A. Aziz, *Multilingualism and Translanguaging: The Impact on Elementary Learners' Reading Skills in the ESL Classroom*. (Vol. 14, Issue 10.) DOI:10.6007/IJARBSS/v14-i10/23301
- [32] M. A. Qureshi, and A. Aljanadbah, *Translanguaging and reading comprehension in a second language*. (Vol. 16, pp. 247-257). <https://doi.org/10.1080/19313152.2021.2009158>
- [33] Nordquist, R. (n.d.) *Interlanguage definition and examples*. <https://www.thoughtco.com/interlanguage-definition-and-examples-1689867>
- [34] H. Taqi et al., *The Perspectives of Students and Teachers in the English Department in the College of Basic Education on the Student Evaluation of Teachers*. *Journal of Education and Learning*. (Vol.3, No. 4.) <https://ccsenet.org/journal/index.php/jel/article/view/40639>
- [35] Ocampo, D. (2023). *Translanguaging and Reading Comprehension of Filipino ESL Intermediate Learners*. *Journal of Natural Language and Linguistics*, 1(1), 13–21. <https://doi.org/10.54536/jnll.v1i1.1510>